

PAGPAPATIBAY NG INYONG KASAL

Bago magpakasal: Edukasyon sa Kasal

Ang mga matibay na relasyon ang nagtataguyod sa iyo para matugunan ang mga pagbabago at pakikibaka sa buhay. Mahalagang mabuo ang kahusayan sa magandang pakikipagkomunikasyon at relasyon habang maaga, na iyong masasandalan sa mga panahon ng kahirapan.

Inihahanda ng edukasyon bago-ikasal (pre-marriage education) ang dalawang tao para sa kasal sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kasanayan at impormasyon sa pagtatatag ng panghabangbuhay na mga pag-aasawahan. May mga kursong makukuha para magalugad ang karagdagang dimensyon at kumplikasyon dala-dala sa pag-aasawahan dulot ng pagkakaroon ng mga anak sa naunang relasyon.

Habang kasal: Pampamilyang Pagpapayo

Hindi laging madali para itama sa lugar ang pagrerelasyon. Nagkakaroon ng mga problema sa relasyon sa iba't-ibang yugto ng ating mga buhay. Habang ang pagkakaroon ng panahong mabuway ay hindi nangangahulugang nasa kaguluhan ang relasyon, baka ito ay senyales na kailangan mo ng ilang tulong.

Ang pampamilyang pagpapayo ay nakakatulong sa mag-asawahan na matanggap ang maraming pagbabagong nagaganap sa pag-aasawa. gaya ng mga problema sa relasyong personal at pakikitungo sa mga anak at pamilya. Ang mga tagapayong pampamilya ay makakatulong sa inyong mapag-usapan ang mga problema sa damdamin hinggil sa inyong asawa o kapartner o magkaroon ng pagkakasundo tungkol sa mga tungkuling pangmagulang.

Pagkawasak ng Kasal: Family Dispute Resolution

Makakatulong ang Family Dispute Resolution (FDR) sa naghihiwalay na mag-asawa na magkasundo tungkol sa ari-arian, pera, at —higit sa lahat— anumang mga anak. Kinakailangan ng batas sa naghihiwalayang pamilyang mayroong di-pagkakasundo sa pagmamagulang, na tunay na pagsikapang ayusin ito sa pamamagitan ng FDR.

Ang isang akreditadong tagapag-ayos na FDR ay makakatulong sa inyong pag-usapan ang mga problema, tingnan ang mga mapagpipilian, at maabot ang kasunduan. Pinakamahalaga, ang FDR ay makakatulong sa inyong pagbubuo ng plano sa pagmamagulang, sa mga kaayusan para sa alinmang mga anak.

Para sa makukuhang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at pagpapayo sa mga mag-asawa at pamilya, bisitahin ang Family Relationships Online website sa www.familyrelationships.gov.au o tumawag sa Family Relationship Advice Line sa 1800 050 321.

Maligaya Habang Panahon... Bago at Matapos

IMPORMASYON PARA SA MGA MAG-ASAWANG NAGPAPLANONG MAGPAKASAL



MAHALAGA ANG KASAL

Itong dokumento ay ibinibigay sa inyo ng 'celebrant' dahil ang pasyang magpakasal ay isang pinakamalaking desisyong ginagawa ng mag-asawa. Malahiganteng habang ang pagpapakasal na magdudulot ng mga pagbabago sa inyo, sa inyong asawa at pamilya. Itong dokumento ay magsasabi sa inyo ng:

- proseso ng pagpapakasal sa Australya,
- ilang mahalagang mga legal na kahihinatnan sa pagpapakasal, at
- saan makakakuha ng mga serbisyong pangsuporta, gaya ng edukasyon sa kasal, pampamilyang pagpapayo o pagreresolba ng pagtatalo.

PAGPAPAKASAL SA AUSTRALYA

Sa Australya, ang pagpapakasal ay pinamamahalaan ng *Marriage Act 1961*, na naglalalatag ng proseso sa pagpapakasal at mga kakailanganing pambatas para sa isang maybisang kasal.



Ang kumpletong **Notice of Intended Marriage** na ‘form’ ay dapat ibigay sa inyong ‘celebrant’ ng hindi kukulangin ng isang buwan (at hanggang 18 buwan) bago pa ang kasalan.

Ikaw at ang inyong partner ay dapat na magbigay sa ‘celebrant’ **ng ebidensya ng araw at lugar ng kapanganakan, pagkakilanlan at pagtatapos ng anumang nakaraang mga pagpapakasal.**

Dapat kayong dalawa ay lumagda sa ‘Declaration of no legal impediment to marriage’. Sa paglagda ng Deklarasyon, idinideklara ninyo na sa inyong paniwala ay nasa edad kayong maaaring magpakasal, at walang legal na pagpipigil sa inyong pag-aasawa.

Sa **araw ng kasal**, ang inyong ‘celebrant’ ang magpapasagrada ng kasal. Pagkatapos ay hihilingin ng inyong ‘celebrant’ sa inyong ka-partner at mga testigo na **lagdaan hanggang tatlong mga sertipiko ng kasal.**

Matapos ang kasalan, **irerehistro ng inyong ‘celebrant’ ang kasal** sa Registry of Births, Deaths and Marriages sa inyong Estado o Teritoryo kung saan ginanap ang kasal.

PAGPAPAKASAL SA AUSTRALIA: ILANG MAHALAGANG MGA BAGAY NA DAPAT MALAMAN

Mga kabayaran pangkalusugan at pangkapakanan

Kung tumatanggap ka ng mga kabayaran pangkalusugan o pangkapakanan, dapat ninyong tawagan ang kinauukulang mga ahensya at payuhan sila na nagpakasal ka na. Magpapayo itong mga ahensya kung magbabago ang inyong mga bayad. Maaaring mawala ang inyong mga kabayaran at maparusahan ka kung nabigo kayong ipaalam ang kasal sa loob ng resonableng panahon matapos ang kasal.

Pagpapalit ng inyong pangalan

Maging sinuman na nagpakasal ay makakapiling gamitin ang apelyido ng asawa. Hindi naman kayo legal na kinakailangang gamitin ang apelyido ng asawa kapag ikaw ay nagpakasal.

Kung nais ninyong gamitin ang apelyido ng inyong asawa, dapat kayong kumuha ng sertipiko ng kasal na inilathala ng Registry of Births, Deaths and Marriages sa inyong estado o teritoryo. Ito ay kalimitang sapat na ebidensya para ang inyong personal na dokumento (hal. lisensya sa pagmamaneho) ay baguhin sa apelyidong kasal.

Ang sertipikong inyong matatanggap sa araw ng kasal ay pangseremonya lamang at hindi tutugon sa kakailanganin sa pagkakilanlan ng mga pampamahalaang ahensya, gaya ng tanggapan ng pasaporte.

Pagkamamamayan

Kung mamamayang Australyano ang inyong pinakasalan, wala kayong awtomatikong karapatan para maging mamamayang Australyano. Kakailanganin ninyo pa ring mag-apply para sa pagkamamamayan at matugunan ang kriteryang karapatdapat. Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon mula sa Kagawaran ng [Immigration and Border Protection website at www.immi.gov.au](http://www.immi.gov.au).

Paggawa ng testamento

Pawawalang bisa ng kasal ang anumang nakaraang mga testamento maliban kung ang inyong testamento ay malinaw na nagpapakitang pinaplano ninyo ang pagpapakasal nang ginawa ninyo iyon.

Mahalagang magsagawa kayo ng bagong testamento kung nagbago ang inyong personal na kalagayan. Tinitiyak nitong mayroon kayong balidong testamento na magbibigay epekto sa inyong mga pakay kung paano ninyo gustong ipamahagi ang mga ari-arian sakaling ikaw ay mamatay. Makakatulong sa inyo ang abogado para gumawa o baguhin ang testamento.

Pagbubuwis matapos ang kasal

Sa inyong pag-aasawa, ang halaga ng binabayaran buwis na inyong babayaran ay magbabago. Ipinapayong kontakin ninyo ang Australian Taxation Office, ahente ng pagbubuwis, tagatuos (accountant) bago pa ang kasalan para mapag-usapan ang anumang mga implikasyon sa buwis.